Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG MARSO 2, 2018 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Pansamantalang Tagapangulo |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Tulay M. Caring | IP's Mandatory Representative |

**HINDI NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Pangalawang Punong Bayan - **O.B.** |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | Sangguniang Bayan Member- **O.B.** |
| Kgg. Teresita S. Bantugan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay- **O.B.** |

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -x

## KAPASYAHAN BLG. 18-03-047

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO SA PAMILYA NG YUMAONG GNG. LEONILA MEDRANO SALAS NG BARANGAY POBLACION**

"**SAPAGKAT,** ang pagpanaw ni Gng. Leonila Medrano Salas ng Barangay Poblacion noong gabi ng Pebrero 28, 2018 dahil sa sakit ay nagdulot ng kalungkutan at pangungulila sa kanyang pamilya, kamag-anak at mga kaibigan;

"**SAPAGKAT,** si Tiya Nelly na siyang karaniwang tinatawag sa kanya ay napabilang sa isang prominenteng pamilya ng mga Salas, kilala at may kayang angkan sa Bayan ng Bulalacao dahil na rin sa dami ng mga opisyal at pinuno ng bayan, noon at ngayon na nagmula sa kanilang pamilya;

"**SAPAGKAT,** sa kabila ng kanilang magandang estado sa buhay, si Tiya Nelly ay nanatiling simple, tahimik at napakabait na kaibigan at mamamayan at tunay at magiliw niyang ginampanan ang kanyang tungkulin bilang asawa at ina sa kanyang mga anak kung kaya, madali niyang naabot ang kanyang dakilang pangarap sa kanila, ang magkaroon ng masaya at magandang buhay kapiling ang kani-kanilang pamilya;

"**SAPAGKAT,** ang pagpanaw ni Gng Leonila Medrano Salas ay isang malaking kawalan at isang masakit na dagok na nagbigay ng masidhing kalungkutan at pighati sa kanyang mga anak at apo, kamag-anak at mga kaibigan, subalit kaligayahan na ring isipin na siya ay nasa langit kapiling ang Diyos na siyang lumikha ng lahat; **KUNG KAYAT DAHIL DITO . . .**

Scanned with CamScanner

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Magpahayag ng taus-pusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Pamahalaang Bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro sa pamilya ng yumaong Gng. Leonila Medrano Salas ng Barangay Poblacion;

**SA MUNGKAHI** ni SB Member Dexter R. Gonzales at pinangalawahan nina SB Member Dennes M. Faner, ang kapasyahang ito ay…

**PINAGTIBAY"**: Marso 2, 2018, Bulalacao, Oriental Mindoro.

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**KGG. DEXTER R. GONZALES**
SB Member

**KGG. DENNES M. FANER**
SB Member

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
SB Member

**KGG. EDEZER F. ACERON**
SB Member

**KGG. EDWIN C. ACERON**
SB Member

**KGG. TULAY M. CARING**
IP's Mandatory Representative

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
Sangguniang Bayan Member/
Pansamantalang Tagapangulo

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 03-2-2018

180307/PLP/jpc

Scanned with CamScanner